# KAPASIYAHAN BLG. 2023-29

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSAN BLG 02, H-2022 NG BARANGAY NG TIBAGAN, BUSTOS, BULACAN ANG NAUUKOL SA TAUNANG LAANG GUGULIN (*ANNUAL BUDGET*) PARA SA TAONG 2023 NA NAGKAKAHALAGA NG PITONG MILYON, PITONG DAAN TATLUMPU'T PITONG LIBO, TATLONG DAAN SIYAMNAPU'T ANIM NA PISO (PHP7,737,396.00)."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Aljhaneal E. Quiñones**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pananalapi, Paglalaan, Pagbubuwis at Pamamaraan**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Tibagan para sa kanilang *annual budget* na laang gugulin para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng Php 7,737,396.00;

**SAPAGKA'T,** ang pondong gugugulin ay para sa kapakinabangan ng mga mamamayan ng Barangay Tibagan at sa pagpapatuloy ng mga serbisyo para sa pagpapanatili ng kaayusan ng kanilang nasasakupan;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kautusan ng Barangay Tibagan ay walang nilalabag na batas o Kautusang Pambayan;

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ALJHANEAL E. QUIÑONES** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kautusan Blg. 2, H-2022 ng Barangay Tibagan, Bustos, Bulacan na nauukol sa *annual budget* para sa taong 2023 na nagkakahalaga ng Pitong Milyon, Pitong Daan Tatlumpu't Pitong Libo, Tatlong Daan Siyamnapu't Anim na Piso (PhP7,737,396.00).

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-6 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Nina Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Errick L. Perez**
Kasangguni

**Virgilio S. Paglinawan**
ABC President

**Angelica DL. Tadeo**
SK President

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-6 ng Pebrero taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim